




Kinalulugdan ng Diyos

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 9:1-6)

²NAKATANAW ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. ³Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. ⁴Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila. ⁵Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuotang tigmak sa dugo ay susunugin.

⁶Sapagkat **ipinanganak para sa atin ang isang sanggol** na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran



ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

Tema: **Ang Batang Isinilang**

PAGPAPALIWANAG

- Sa 1-2 ay pinag-usapan ang mga taong nakararanas ng kaliwanagan, kagalakan, matapos ang napakahabang panahon ng kadiliman.
- Ang paghahalintulad rin ay ginamit (Sumikat na ang liwanag sa mga taong naninirahan sa lupaing balot ng dilim... b. 2).
- Bb. 3-4 ay nagbibigay ng pangunahing dahilan ng kagalakan: nilupig ang karahasan; binali ang panghambalos ng mga tagapagpahirap, pinasan ang mga bigatin sa buhay, ang mga panyapak at ang mga damit na tigmak ng dugo ay sinunog.
- B.5 ay nagpapakita ng dahilan ng kagalakan: pagsilang ng isang bata na siyang binigyan ng iba't ibang katawagan (Namamahala,

Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan). Sa b. 6 ay tinalakay ang laki ng kanyang nasasakupan (kapangyarihan at saklaw) at maging ang paggamit ng kanyang kapangyarihan (kapayapaan, paghuhukom, katarungan).

PAGNINILAY

Inilarawan ang batang Hesus na Anak ng Diyos na siyang ipinadala upang ihayag ang mensahe ng Ama sa mga maniniil ng bayang Israel (Anak ng Diyos, mga taong naniniwala na ang Diyos ang magpapalaya sa lahat.).

SALMONG TUGUNAN (Slm 97)

**KAHIT SAA'Y NAMAMALAS,
TAGUMPAY NG NAGLILIGTAS.**

IKALAWANG PAGBASA (Ef 1:3-6, 15-18)

³MGA KAPATID: Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong **Hesukristo!** Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. ⁴At sa atin ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, ⁵tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni **Hesukristo**. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. ⁶Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

¹⁵Kaya nga, mula nang mabalitaan ko ang tungkol sa inyong pananalig sa **Panginoong Hesus** at ang inyong pag-ibig sa lahat ng hinirang, ¹⁶walang humpay ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Inaalaala ko kayo sa aking panalangin, ¹⁷at hinihiling sa Diyos ng ating **Panginoong Hesukristo**, ang dakilang

Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. ¹⁸Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatiing inilaan niya sa kanyang mga hinirang.

Tema: **Ang Panginoong Hesukristo**

PAGPAPALIWANAG

- Napili sa ating liturhiya ang bb. 3-6 at 15-18 para sa ating Ikalawang Pagbasa. Tinalakay sa bb. 3-6 na ang Ama ay kumikilos sa mga Kristiyano na nananampalataya sa pamamagitan ni Kristo. Ang mga gawa ng Ama ay ang mga sumusunod: tayo ay kanyang babasbasan, tayo ay kanyang pababanalin at ilalayo sa mga kasalanan, at aampunin bilang kanyang mga anak. Sa bb. 15-18 ay tinalakay ang pag-ibig at pananampalataya ng mga taga-Efeso na nararamdaman ni San Pablo.
- Ipinahayag ni San Pablo ang kanyang saloobin: walang tigil sa pasasalamat, pag-alala sa kanila sa panalangin, kahilingan na bigyan sila ng Espiritu Santo ng karunungan, rebelasyon, magkaroon ng mga mata ang puso para sa kaliwanagan, at magkaroon ng kaalaman.

PAGNINILAY

Ipinapakita sa ating pagbasa na sa pamamagitan ni Kristo tayo ay pinagpapala ng Diyos na ating Ama. Ang Diyos Ama ay patuloy na gumagawa ng mabubuting bagay para sa atin dahil sa kanyang Anak.

Si Hesukristo ay patuloy na kumikilos gaya ng Ama. Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng Diyos sa atin. Ang Ama ay gumagalaw sa pamamagitan ni Kristo. Si Kristo rin ay patuloy na kumikilos para sa atin.

MABUTING BALITA (Lc 2:41-52)

⁴¹TAUN-TAON, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta sa Jerusalem. ⁴²At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila’y umuwi na. ⁴³Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. ⁴⁴Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghaponing paglalakbay. Nang malaman nilang hindi siya kasama, siya’y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala. ⁴⁵Hindi nila siya matagpuan, kaya’t bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. ⁴⁶At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. ⁴⁷Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan. ⁴⁸Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya’y makita. Sinabi ng kanyang ina, “Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo.” Sumagot siya, ⁴⁹“Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na ako’y dapat na nasa bahay ng aking Ama?” ⁵⁰Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.

⁵¹Siya’y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. ⁵²Patuloy na lumaki si Jesus. **Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.**

Tema: **Ang Batang Lalaki, si Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Ang texto ay bahagi ng pagsasalaysay sa Batang Hesus ayon kay San Lucas (1-2.) Ito ang huling salaysay tungkol sa kabataan ni

Hesus.

- Dahil kapistahan ngayon ng Sto. Niño, tayo ay magbigay-halaga at pansin sa Batang si Hesus: Si Hesus ay 12 taong gulang (b. 14), siya ay nagtungo sa Jerusalem (b. 41), siya ay nanatili sa Jerusalem matapos ang kapistahan ng Paskuwa (b. 43), nawala siya at nahanap matapos ang tatlong araw (b. 46), nakita siyang nakaupo kasama ang mga guro, nakikinig, at nagtatanong (b. 46), at nagtanong siya sa kanyang mga magulang: Bakit po ninyo ako hinahanap?
- Si Hesus ay dapat na nasa bahay ng kanyang Ama, pagsunod sa kalooban ng Ama (b. 49). Nagtungo si Hesus kasama ang kanyang ama at ina bilang pagsunod rin sa kanilang kalooban (b. 51).
- Patuloy na lumaki sa Hesus; lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugod-lugod sa Diyos (b. 52).

PAGNINILAY

Ang batang Hesus ay nagbigay galang sa nakagawiang tradisyon ng kanyang mga magulang (ito ay taunang pagpunta sa Jerusalem para sa kapistahan ng Paskuwa.) Ipinapakita rin ang pagsama ni Hesus kay Jose na kanyang ama para sa mga mahahalagang kapistahan ng mga Hudyo. Naiintindihan ito ni Hesus bilang kanyang gampanin.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay nakatuon sa anak na nagbibigay ng pag-asa sa ating bansa. Ang Ikalawang Pagbasa naman ay nakatuon sa gampanin ni Hesus, Anak ng Diyos, sa ating kaligtasan. Sa pamamagitan niya, tayo ay pinagkakalooban ng mga biyaya. Ang Ebanghelyo ay nakatuon sa pagsunod ni Hesus sa Ama at sa kanyang magulang. Sa

pagsunod, siya ay lumaki ng may karunungan at pagpapala.




III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay “Holy Childhood Day.”
2. Gaano kadalas ka nakakakita ng mga batang kalye na nanlilimos sa mga araw na ito?
3. Talakayin ang katotohanan sa likod ng “Child Labor” sa ating bansa. (HM)

- *Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM*

- Isinalin ni Cl. Anthony John Javier, SSP

(Pangwakas na Panalangin)



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maaari pong mag-donate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)